

Talakayan, Tunggalian at Diskurso: Isang Pag-uusap tungkol sa Community Organizing at Community Development

Maureen C. Pagaduan
Jeremi Panganiban
Karl Arvin F. Hapal

Ang papel na ito ay ang dokumentandong pag-uusap o conversation ng tatlong practitioner tungkol sa mga piling usapin sa disiplina ng Community Organizing at Community Development. Ninanais nito na makaambag sa pagbubuo, pagpapalago at pagpapaunlad ng teorya, gawain, at pagtuturo ng CO-CD. Pinapatampok din dito ang mga piling usapin, mga hamon, at mga implikasyon sa paghubog ng disiplina. Ito ay ang kontribusyon ng mga may-akda sa pag-unlad ng disiplina at sa mas malaking gawaing pangkaunlaran kasama ang mga mahihirap tungo sa pagbabago ng sarili at lipunan. Sa huli, ang papel na ito ay isang imbitasyon upang ipagpatuloy ang pag-uusap upang mas mapayabong ang Community Organizing at Community Development.

Panimula

Mahigit limang dekada na rin ang nakalipas mula nang nagdeklara ng Batas Militar sa Pilipinas. Sa loob ng halos limang dekada, naging mabisang pamamaraan ang *community organizing* (CO) sa pagpapakilos ng mga mahihirap na sektor ng lipunan upang isulong ang makabuluhang pagbabago. Sa prosesong ito, naging malaki ang kontribusyon ng Unibersidad ng Pilipinas, sa pamamagitan ng mga guro at mag-aaral, sa pagpapalaganap at kritikal na pagpapalalim ng mga aral na ito. Ang edisyon ng *CSWCD journal* na ito ang naging hudyat upang magsulat ng kontribusyon sa diskurso ng CO. Napapanahon na sumali sa mga debate sa CO di lamang sa salita at mga diskusyon kundi pati rin sa pagsusulat. Ngunit tunay na nanatili itong isang hamon. Naisip ng mga may-akda na maaring ipamalas ang malalim na karanasan at kritikal na pagtingin sa CO sa pamamagitan ng isang dokumentadong pag-uusap. Umikot sa pagitan ng tatlong CD *practitioners* na si Mo Pagaduan, Jeremi Panganiban at Karl Arvin Hapal ang diskurso. Sa kabuoan, layunin ng artikulo na ito na humimok pa ng mga kasama sa diskurso at talakayan upang mas mapalalim at mapayaman pa ang disiplina ng CO.

Si Mo Pagaduan (M) ay propesor ng *Department of Community Development* (DCD) sa Unibersidad ng Pilipinas na may halos apat na dekadang karanasan ng pagtuturo. Malaking bahagi ng karera ni Mo sa unibersidad ay uminog sa pagiging *fieldwork* (FW) *supervisor* sa iba't ibang urban at rural na pamayanan sa Pilipinas. Bukod dito, hitik din si Mo sa karanasan sa pagtulong at pakikilahok sa mga *non-government organizations* (NGOs) at iba't ibang samahan sa pamayanan sa larangan ng pag-oorganisa at iba pang gawaing pangkaunlaran. Si Jeremi Panganiban (J) ay nagtapos ng CD at sumabak sa gawaing pagpapaunlad ng pamayanan na may pagtutok sa buhay at usapin ng kababaihan. Halos sampung taon na rin mula nang magtapos siya sa kolehiyo at natanaw ang mga posibilidad at hamon sa pagsi-CO sa kasalukuyang panahon. Partikular dito ang pagbubuo at pagtataguyod ng tinatawag na *Engendering the Barangay Justice System* sa ilang piling maralitang barangay sa Kamaynilaan. Si Karl Arvin Hapal (K) naman ay kasabayan ni Jeremi sa pag-aaral ng CD. Pagkatapos ng kolehiyo, siya ay nagtrabaho bilang isang mananaliksik para sa isang organisasyon na nagsusulong ng karapatang pantao. Kasama sa tema ng kanyang pananaliksik ang karahasan sa isang *urban poor community* at pag-unawa sa ugnayan ng mga bilanggo, awtoridad sa bilangguan at mga organisasyon na nagbibigay ng serbisyo.

Ang layunin at inspirasyon ng papel na ito ay bunga ng pagnanais na ibahagi ang mga pili at napapanahong pag-iisip tungkol sa CO. Sa kabuuan, nais ng papel na ito na makatulong sa pagpapasulpot ng *agenda*, itampok at maglinaw ng ilang mga usapin at mga kasalukuyang hamon kaugnay ng disiplina ng CO-CD. Kasama dito ang pagtalakay sa mga implikasyon sa paghubog ng mga mag-aaral ng CD bilang mga propesyonal at ang hamon ng pagbangon ng mahihirap tungo sa pagbabago ng sarili at lipunan. Sa huli, nais ng papel na ito na makahikayat ng mas maraming tao, lalo na ng mga kabataan, upang pag-aralan at isabuhay ang CO-CD. Nais rin ng papel na ito na makapagtukoy ng *gaps* at iba't ibang perspektiba na maaring maging inspirasyon sa patuloy na pagpapaunlad ng gawaing CO-CD. Umaasa kami na ang papel na ito ay makakadagdag sa pagpapatibay at pagpapayabong pa ng interes sa disiplina ng CO-CD.

Hindi layunin ng papel na ito na bumalangkas ng pagtatasa o mag-*evaluate* ng akademikong programa ng CD, ni ng *curriculum* o *fieldwork program* nito. Ang papel na ito ay resulta ng serye ng pag-uusap naming tatlo, bilang mga kapwa-*practitioner* at magkakasama sa propesyon ng pagsi-CO at CD. Bilang kolektibong nagbuo ng papel na ito, ang diskurso at paglalagom ay nagsilbing pagkakataon upang kami ay matuto sa isa't isa

habang tinatalakay ang aming mga karanasan at mga ideya tungkol sa CO-CD.

Panuto sa Porma ng Presentasyon

Ang porma ng artikulo na ito ay masasabing kakaiba, malikhain o *unorthodox* para sa isang *academic journal*. Gayunpaman, ang paglalahad ng mga ideya sa pamamagitan ng isang dokumentadong pag-uusap ay halaw sa potensyal nito na bigyang boses ang mga may-akda at mabigyan espasyo sa debate at kritikal na diskurso. Higit dito, ang pormang ito ay isang pagsisikap at imbitasyon sa mga mambabasa na lumubog at sumali sa diskusyon. Tunay na malaking hamon ang pagsusulat sa ganitong istilo at porma. Ngunit naniniwala ang mga may-akda na malaki ang maaring maging kontribusyon nito upang magbahagi at mag-isip nang malaya, kritikal, at malikhain, na hindi nalilimitahan ng nakasanayang porma ng pagsusulat sa akademya. Samakatuwid, ito ay isa sa malikhaing paraan ng pagbabahagi na sa palagay ng mga may-akda ay mas malalasap at mapapatotoo ang diwa ng CD.

Nakaporma at nakabalangkas ang papel na ito sa mga piling tema tungkol sa CO-CD. Bawat tema ay magsisimula sa katanungan kung saan iinog ang talakayan. Ngunit tulad ng karaniwang pag-uusap o *conversation*, paliku-liko ang daloy ng mga tema at kaisipan sa papel na ito. Ang paliku-likong usapan ay isang repleksyon na hindi madaling talakayin ang paksa ng CO-CD. Makikita sa daloy ng usapan ang banggaan ng mga ideya at hindi pagkakasunduan. Ngunit, naniniwala ang mga may-akda na ito ay patungo sa isang mas malalim at makabuluhang sintesis at pag-unlad ng diskurso. Hinihikayat ang lahat ng mambabasa na ipagpatuloy at huwag isara ang talakayan bagkus ay gumawa rin ng sariling pamamaraan ng pagtalakay sa CO-CD tungo sa pagpapalinaw at pagpapahusay ng teorya at gawain nito.

Talakayan tungkol sa CO at CD

Sinimulan namin ang talakayan sa pamamagitan ng pagninilay sa kahulugan ng *Community Organizing*. Ang mga tanong namin ay humango sa depenasyon ng CO bilang agham ng pagpapadaloy ng pagbabago ng kalagayan ng mahihirap sa pamayanan sa pamamagitan ng pagpapa-angat ng kamalayan (*consciousness raising*), pagbubuo ng samahan, at sama-samang pagkilos. Ang *community organizing* ang pagsasabuhay ng mga prinsipyo ng *people's empowerment* at *people-centered development*.

M: Maari ba nating sabihin na ang CO ay may iba't ibang tipo tulad ng CD? Mayroong tipo ng CO na nakatutok sa pag-unawa ng relasyon ng mga uri o *class-based organizing* o kaya yung *faith-based* o *project-based organizing* na ginagamit na batayan o *framework* ng pag-oorganisa. Kung ilulugar ang CO sa CD, hindi ba CO ang nagpapatampok sa paninidigan ng kritikal na pagkiling para sa mahihirap? Ang pagkiling na ito ang bumubukod sa CO kumpara sa iba pang gawain sa CD o pangkaunlaran.

K: Hindi ba ang nagpapatampok sa CO, bukod sa pagkiling nito sa mahihirap, ay ang pokus nito sa pamayanan? Makakatulong kung lilinawin ano ang pagkakaintindi natin sa pamayanan

M: Iba't iba ang pagkakaunawa sa salitang pamayanan. Batay sa iba't ibang karanasan, mukhang hindi lamang nakatali sa pamayanan ang gawain ng CO. Halimbawa, may mga gawaing pag-oorganisa na hindi nakaugnay sa pisikal o heograpikal na kategorya tulad ng *sectoral organizing*, *issue-based organizing*, *coalition building* o pagbubuo ng *social movements*. Lahat ng ito ay humahalaw ng kasanayan mula sa CO ngunit hindi ito nakatali sa pamayanan. Lumalabas na ang mga prinsipyo at pamamaraan ng CO ang pundasyon ng lahat ng mga ito. Batay dito, tama ba na tanggalin na lamang ang *community* sa *community organizing* at tawagin na lamang itong '*organizing work*'?

K: Maari nating tingnan sa ganoong paraan.

M: Kung papalawakin natin ang pag-unawa natin sa CO, hindi ba tayo magkakaroon ng problema sa batayang usapin ng metodo. Halimbawa, para sa ilang mga kilusan na nagtatatag ng *social movements*, wala o minimal ang kanilang pakikisalamuha sa pamayanan o pagbabahay-bahay. Dagdag pa, sa ibang organisasyon, magkahiwalay ang namamahala sa propaganda at sa gawain sa pamayanan. Hindi ba natin kailangang ibalik ang usapan sa *community* at ang mga gawain na nakalakup dito? Kapag tayo ay nag-uusap tungkol sa CO, ito ay tungkol sa pakikisangkot sa mga mahihirap. Sa gitna ng diskurso sa CO ay pinag-uusapan ang pangangailangan sa sama-samang pagkilos ng pamayanan tungo sa pagbabago at pag-unlad. Kaya ang maaring tawag ay *organizing work* na ang batayan ay pamayanan.

K: Kung ang pinag-uusapan sa CO ay ang pamayanan at ang sama-samang pagkilos ng mga mahihirap sa pamayanan tungo sa pagbabago at pag-unlad, ano ang itinataguyod nitong ideolohiya? Saan ito patungo at ano ang gusto nitong marating? Sa tingin ko, isang elemento din ng CO ay pagkilala sa

hindi pagkakapantay-pantay sa ating lipunan at ang matingkad na pokus sa problema ng kahirapan.

M: Totoo. Ngunit, kung ideolohiya ang pag-uusapan, kailangan nitong masagot ang tanong na, anong klaseng lipunan ang gusto nating itaguyod? Sa tingin ko, sa pagsagot ng tanong na ito, maaring mabuo ang isang ideolohiya. Napapaloob dito ang isang sistema ng mga paniniwala, istruktura at proseso; hindi lamang sistema ng karanasan at praktika, ngunit ang paglalagom ng kaalaman. Sa tingin ko, ang pinaka-inspirasyon ng CO ay manungkulan sa mahihirap. Ito ay isang gawaing pulitikal kung saan mayroon itong perspektiba na may pag-intindi sa hindi pantay na kapangyarihan sa lipunan at may mga ginagamit itong akmang istratohiyang pulitikal at kultural. Ang propesyon ng CD at ang agham ng CO ay hindi makasarili. Nakatingin ito palagi sa kapwa. Nakatingin ito sa kung paano makakatulong sa kapwa at hindi sa sarili. Dito hinuhugot ang pagsasama-sama, dahil mahalaga ang kapwa, ang sarili mo ay nasasalamin mo sa iyong kapwa.

Dumaloy ang aming usapan sa mga inspirasyon at hamong kalakip ng pagsasapraktika ng CO. Sinusugan namin ang pagtingin na maraming tipo ng CD at may iba't ibang pananaw ukol sa CO.

M: Madaming CO *practitioner* ang naniniwala at naninidigan na ang kaunlaran ay 'mula sa tao, para sa tao'. Masasabi natin na ang paninidigan nila para sa mahihirap ay matingkad na inspirasyon para mag-CO. Gayunpaman, batay sa karanasan, mukhang may iba't ibang pagtingin sa papel ng CO sa kaunlaran.

J: Dahil din sa pagkakaiba-iba ng pagkakaintindi marami ang tumitingin sa gawain ng CO bilang isang misyon. Sa mga kasabayan ko noon, marami ang naniniwala na ang gawain ng CO ay kaugnay sa pagiging isang mabuting Kristiyano. Nakita ko ito sa kanilang mga gawain at lenggwaheng ginagamit.

M: Noon ang isa sa inspirasyon ng mga *organizer* ay ang rebolusyonaryong ideolohiya ni Marx. Ang mga Katoliko, bagaman may doktrina, ay naiugnay ang teorya na ito sa kanilang relihiyon. Sa *liberation theology* naging rebolusyonaryo din sila.

K: Sa aking karanasan, ang CO ay malimit na humugot ng inspirasyon mula sa konsepto ng *human rights* at ang mga *entitlements* ng mga tao sa pamayanan. Sila ay nagsasama-sama upang singilin ang estado at kunin

kung ano ang nararapat para sa kanila. Sa teorya, kapag napagtagumpayan nila ito, isang hakbang ito palapit sa kanilang pag-unlad. Ngunit ang pagtingin na ito, sa aking palagay, ay hindi malimit na tinatalakay. Madalas sa proseso na ito, tinutugunan ang kagyat na pangangailangan at nawawala ang pagtingin sa ugnayan nito sa pangkalahatang estratehiya sa pagbabago. Sa ibang konteksto naman, ang CO ay napapaloob sa isang proyekto at ito ay ginagamitan ng teknikal na lenggwaha tulad ng *logical framework* upang masukat ang pagbabago habang umuusad ang panahon.

M: Batay sa ating talakayan kinikilala natin na may iba't ibang tipo ang CD. Gayunpaman, kilala natin ang disiplinang ito na may matinkad na pagkiling sa tunay, makabuluhan at pang-matagalang pagbabago. Kinikilala rin natin na malaki ang papel ng CO upang makamit ang hangaring ito. Nabanggit na rin natin na mukhang nag-iiba ang tipo ng CO at ito ay ginagawa sa iba't ibang konteksto. Gayunpaman, batay sa karanasan ko at ng ibang organisasyon, maari nating mapansin na ang CO ay nagiging *invisible*. Makikita natin ito sa mga gawaing *project-oriented* kung saan, kadalasan, ay ipinapalagay na may magsasagawa ng CO labas sa proyekto-counterpart ika nga. Mapapansin din na kakarampot o walang *resources* na nilalaan para dito. Sa halip, ang nagiging pokus sa mga ganitong gawain ay sa paghihikayat ng partisipasyon o sa pagiging *participatory* ng proseso. Ang iba na nagsusumikap na isapraktika ang CO ay humaharap ng mga hamon.

K: Kung ganito ang sitwasyon, maari ba nating sabihin na nababawasan ang pagtingin sa kabuluhan ng CO sa larangan ng *development work*? Maaring makatulong kung babalikan natin ang kabuluhan at natatanging ambag ng CO sa CD.

J: Maari nating makita ang natatanging ambag ng CO doon sa ipinapanukala nitong proseso sa pag-unlad at ang paglinang ng kakayahan ng mga tao sa pamayanan.

M: Kung gayon, ano ang ibig sabihin natin sa proseso at ano ang mga patnubay nito? Kung proseso lamang ang batayan, maaring hindi tayo maging *definitive*.

K: Sa tingin ko, may kaugnayan ito sa pinakamalaking hamon sa kasalukuyang panahon. Isa sa mga hamong kinakaharap ng CO ay ang pagkalusaw ng pulitika at tunggalian. Sa paglipas ng panahon pagkatapos ng EDSA Revolution, maari nating mapansin ang *de-politicization* ng *development work*. Kagaya ng nasabi kanina, ang CO ay malimit na

nakapaloob sa mga proyekto. Ang pag-oorganisa ay naging paraan upang makamit ang benepisyo at biyaya mula sa estado. Bagamat nanatiling matingkad, unti-unting nalusaw ang mga pagkilos upang banggain ang istruktura at sistemang mapang-api.

M: Pero matingkad sa atin ang kahalagahan ng CO. Basta gawaing pangkaunlaran, mahalaga na mag-CO dahil sa pagkilala natin sa usapin ng tunggalian ng poder o kapangyarihan laban sa mahihirap, sa pagpapalakas ng kasanayan ng tao, at sa pagbusisi natin ng kultura bilang politika. Parang kinikilala natin na maraming tipo ang CD. Pero kapag sinabi na ang nais natin ay tunay, makabuluhan at pang-matagalang pagbabago, sinasabi din natin na kailangan may CO. Sa pagtuturo, ang *fieldwork* ay siyang sentrong kurso sa pagkatuto ng CO.

Sa puntong ito, napunta ang usapan naming tungkol sa mga istratehiyang kalakip ng *Community Organizing* lalung-lalo na yung hinango sa karanasan sa *fieldwork program* ng Departamento ng CD.

J: Noong kami ay nag-aaral pa, madalas na itinatanong kung ano ang CO *strategies* na ginamit sa *fieldwork sites* at paano ito naiuugnay sa CD.

K: Naalala ko na sinagot ko na ang CO ay isang *tool* na maaring gamitin upang maabot ang pag-unlad sa pamayanan.

J: Ang *tool* na ito ay maari mong himayin sa mga ispesipikong gawain kagaya sa nakalagay sa libro ni Ka Lito Manalili na pinamagatang “Pag-oorganisa ng Pamayanan Tungo sa Kaunlarang Mula sa Pilipino para sa Pilipino” na batayang teksbuk sa pag-aaral ng CO.

M: Ngunit ano ang mga perspektiba at paniniwala na nakapaloob dito? Ano ang disenyo at mga resulta nito? Tinatanong ko ito dahil kagaya ng ibang *social technology*, maari itong maabuso at gamitin sa masama.

J: Ang *integration*, pakikilahok, pakikipanayam, *profiling* at *scanning* ay mga halimbawa ng hakbang na sa gawaing CO-CD.

M: Lumalabas na may mga batayang kasanayan at gawain sa pag-oorganisa. Halimbawa, may *protocols* ang pakikipamuhay o *integration* sa CO. Mayroon ding pamamaraan sa pagkalap ng datos at pagpapalano kagaya ng mga sinabi ninyo. Gayunpaman, sa aking pananaw at batay sa karanasan, lumalabas na maaring may isa hanggang limampung hakbang sa pagsi-CO; maari ring isa hanggang sampu. Samakatuwid, mukhang nakasalalay sa *community organizer* ang pagtatakda ng mga hakbang at pagtukoy ng

lawak at lalim ng pag-unawa sa konteksto o problema. Lumalabas, may kakulangan sa mga gabay o batayan para tiyakin ng sinumang *organizer* ang tamang pamamaraan sa gawaing pag-oorganisa. Higit pa sa isyu ng gawain ay ang kakulangan sa pagpapalalim ng pag-unawa ng kung para saan nga ba ang *tools* at prosesong ito. Ano ang pagbabagong ibig na marating sa gawaing ito, ma-panandalian o matagalan man? Gusto ko ring ipahayag na mukhang madalang o minsan ay hindi hayag at tuwiran ang paggamit sa mga kultural na pamamaraan.

J: Ang pakikipaghuntahan ay isang porma ng pamamaraang kultural.

M: Ganon din ang pagpapadaloy at pakikilahok.

J: Maging ang pakikinig.

M: Sa tingin ko, bukod sa mga ito, ang gawain kalakip ng CO ay nasa larangan ng pakikipag-kapwa kung saan ang pagbubuo ng tiwala ay naka-sentro. Kaiba ito sa pakikipagkaibigan. Maaring pinagkakatiwalaan ka dahil naniniwala ang mga tao sa pagkatao mo't paniniwala at hindi dahil lang sa nabuong relasyon sa kanila. Dahil dito, ang panawagan ng CD at gawaing pag-oorganisa ay integridad sa disiplina. Noon ginagamit ang katagang 'ka-kosa' upang ipahiwatig na kayo ay nagkakaisa sa isang gawain at layunin na higit sa inyong sarili.

K: Kaya ang CO ay parang paglalako ng ideya. Hindi mo kailangang ibenta ang sarili mo para makuha ang pagtiwala ng mga tao. Kailangang maipakita na malayo ang mararating sa pamamagitan ng pagsasama-sama. Ngunit sa pakikipamuhay kinakailangan din ang kakayanang makabuo ng makabuluhang ugnayan sa mga tao at ng relasyon kung saan naiigpawan ang pagkakaiba-iba tungo sa pagkakaisa at pagkilos.

Ang usapan ay bumalik sa pagdiin sa panawagan palakasin pa ang pagsasapraktika ng CO.

J: Nabanggit na natin na parang wala o kulang ang pagkakataon para lubusang maisapraktika ang CO.

M: Maraming *fieldwork partners* ang kolehiyo na hindi nagbibigay ng pagkakataon upang maisagawa ang CO. Mas maraming oportunidad kung sasailalim ang mag-aaral sa isang proyekto ng *partner agency*. Nakikita rin na mas nakakapagpatuloy ng gawain kung katuwang ang lokal na pamahalaan. Kung ganito ang sitwasyon, paano ngayon naisasa-ayos ang *Fieldwork Instruction Program* (FIP) para maranasan ng estudyante, sa

loob ng dalawang semestre, ang tunay at makabuluhang CO? Sa aking pananaw, nagiging *ideal* tuloy ang CO. Sasabihin ng estudyante na tama at mahalaga ang CO ngunit hindi nila ito maisagawa. Ang tanong ko talaga ay kung naroon lahat ng prinsipyo sa CO, tulad ng *context-specific*, batay sa karanasan, sama-sama, paanong naging *ideal* na lamang ang CO at mahirap na ma-isapraktika?

J: Baka nga kasi tinitignan ito bilang *ideal*. Ibig sabihin, isang magandang pangarap ang CO na hindi nangyayari o sadyang mahirap abutin sa totoong buhay. Halintulad sa karapatang pantao, isa itong pamamaraan sa pagkamit ng pangarap. Ngunit sa proseso ng pagkamit nito ay siya na rin ang mismong nagiging pangarap.

M: Sa CO, inaangat mo ang pag-asa ng mga tao — na sila ay magtiwala sa sariling kakayanan at sa pagbabago na sila rin ang makagagawa. Ngunit paano kung ang mga pamantayan ay hindi makakamit dahil masyado itong mataas? Sa tingin ko, kinakailangan ng matinding adbokasiya upang ma-isapraktika ang CO at kilalalin ang kahalagahan nito, paglaanan ng *resources* at hindi lamang pahabol sa isang proyekto. Kailangan ng CO *champions*. Kapag nagtapos ka sa kursong BS CD ay dapat isa kang kamyon ng CO. Gayunpaman, dahil hindi ito lubusang nararanasan ng mga mag-aaral, hindi nakikita ang kabuluhan nito.

J: Tingnan natin halimbawa ang isang BS CD *graduate* na tumuloy sa pagtatrabho sa isang NGO. Sa una, maari niyang itulak ang CO dahil sa nakikita niya na ito ay nararapat at akma. Ngunit kung walang suporta mula sa organisasyon, hindi rin niya ito maisasapraktika. Batay sa kalakaran ng mga NGO ngayon, lumalabas na napakahirap na itulak ang CO.

M: Mukhang may kahirapan nga. Gayunpaman, walang humahadlang sa kaniya na ipakita, gamit ang kakaiba o malikhaing paraan, ang kahalagahan ng CO. Halimbawa, maari niya itong ipasok sa mga pagsasanay. Sa aking pananaw, kinakailangan itong gawin ng isang CD *graduate*. Kaya rin babalik tayo sa ating isyu kanina na: paano magiging kamyon ng CO ang isang mag-aaral ng BS CD kung hindi niya nararanasan at natuklasan ang kabuluhan nito habang nakapaloob sa FIP? Kung uugatin pa natin ang isyu na ito, babalik tayo sa kung papaano nga ba itinuturo ang CO sa silid aralan at habang nasa *field*. May implikasyon din ito sa oportunidad na binibigay ng *field sites* sa pagkatuto.

Habang pinag-uusapan namin ang pagkatuto ng CO, sa gawain ng *fieldwork* bumaling ang atensyon namin sa papel at katangian ng isang

organisador ng pamayanan. Partikular dito, pinag-usapan namin ang kahalagahan ng *reflexivity* sa gawaing ito.

M: Ano nga ba ang *reflexivity*?

J: Ang *reflexivity*, ay maaring ihalintulad sa pagninilay. Ang isang tao ay masasabing *reflexive* kung siya ay nagninilay.

M: Pero hindi lamang ito pagninilay. Ang pagiging *reflexive* ay pagninilay na nagbubunga sa aksyon o pagkilos. Walang tuwirang salin sa Pilipino ang salitang *reflexive*. Ang pagninilay ay *reflection*. Sa *reflexivity*, mahalaga ang pagkatuto at pagtukoy ng mga ugali at pamamaraang dapat baguhin.

J: Kung gayon, sinasabi nating ang *reflexivity* ay isang mahalagang katangian ng isang *organizer* at maituturing na proseso at prinsipyo sa gawaing CO-CD. Paano ngayon hinuhubog ang kakayanan ng isang tagapagpaganap ng CO na maging *reflexive*?

K: Hindi ito natural na lumalabas o angking-kakayanan ng lahat ng tao. Ngunit, maari itong maituro sa pamamagitan ng paggabay at pagpapayo.

J: Paano mo rin masasabi na *reflexive* ang isang tao o isang CO?

M: Kapag naunawaan at naisabuhay na niya ang prinsipyo ng ‘*do no harm*’. Halimbawa, sa pakikipamuhay, kapag nakita ng isang CO ang kahirapan ng mga tao sa isang pamayanan tapos ay hindi pa nito sineryoso ang kanyang gawain, lalo pa niyang pinasasama ang kalagayan. Dapat ang hangarin mo bilang CO ay hindi na palalain pa o dagdagan ang kahirapang dinaranas ng mga tao at ng pamayanan. Pangunahing kaisipan ng isang CO na ilugar ang indibidwal sa lipunan at sa istruktura at sistemang kanyang ginagalawan. Ang isang CO ay may katungkulan (responsibilidad) na pag-aralan at manindigan sa mga konsepto at prinsipyong gumagabay sa gawaing pag-oorganisa.

Nabuo o napagtibay na gawaing nakapaloob sa CO ang *consciousness-raising* o ang pag-aangat ng kamalayan. Sa ngayon, ito ang pinakahayag at parang nagiging ‘palatandaan’ ng gawaing pag-oorganisa. Pinalalim namin ang usapan tungkol sa *consciousness raising* bilang isang batayang gawain ng CO.

M: Ano ang ibig sabihin ng *consciousness-raising* sa konteksto ng pag-oorganisa? Sinasabi natin na mahalaga ang pagmumulat ng kamalayan

tungkol sa problema ng kahirapan dahil ito ay tuntungan ng pagbabago. Sa kasaysayan ng CO, ang *consciousness raising* ay isang *political strategy*. Ginagamit itong pang-*agitate*, tuntungan ng pagpapakilos tungo sa tunggalian ng mga tao at mga may makapangyarihang interes at, sa huli, pagbabago. Nanatili pa rin ba ang ganitong porma ng *consciousness raising* sa konteksto ng CO?

K: Sa ngayon, maaari nating sabihin na ang pag-oorganisa ay isang *strategy* upang makamit ang *entitlements* o *endowments* ng mga tao. Ito ay upang makamit ang buhay na may dignidad at pagkakataong makamit ang kanilang potensyal alinsunod sa nasasaad sa *human rights*. Ang porma na ito ay masasabing hindi radikal sa bandang hindi nito layunin na ibagsak ang sistema. Ang mga pagkilos ay madalas na pumapaloob sa *governance structures*. Kalakip din nito ang paniniwala na ang mga mekanismo ay sapat upang mabigyan ang mga mamamayan ng serbisyo at proteksyon. Samakatuwid, kinikilala nito ang papel ng estado bilang pangunahing *duty-bearer* upang matupad ang mga karapatang ito.

M: Sa sinasabi mo, naka-sentro ang relasyon sa pagitan ng mamamayan at ng estado. Kaugnay rin ang pagpapalagay na lehitimo ang estado. Sa isang banda, nililinaw ng isang *political economy* na pananaw na ang estado ay hawak ng mga elitista at ito ang isa sa matingkad na problema. Ngunit sa *rights-based approach*, lubos din ang mga prinsipyo tulad ng *good governance*, *transparency* at *accountability*. Dahil dito, lumakas ang *advocacy work* at ang pagpapatino ng estado at hindi na ang panawagang ibagsak ang estado.

K: Tama! At sa ganitong kalakaran, ang tungkulin ng *organizer* ay paangatin ang kamalayan ng mga tao sa kanilang mga karapatan para *i-claim* ito. Gayunpaman, sa gawaing ito maaring masabi na hindi naipapatampok ang pakikipag-tunggalian sa mga istrukturang nagpapairal ng kahirapan at di-pagkakapantay pantay.

M: Kapag 50% ng populasyon ang namulat sa karapatan nila, sinasabi ba na hustisyang panlipunan ang makakamit, hindi kaunlarang pang-ekonomiya? O magkakabit ang dalawang ito? Hindi itinuturo sa CD ang *economic strategies*. Ang CO ay nananatiling *political strategy* at hindi ito '*development*' *strategy*, kung ang itinuturing na *development strategy* ay iyong nakakabit sa usaping pang-ekonomiya. Ano nga ba kasi kapag sinasabi mong nagsasagawa ka ng *awareness raising*? Maituturing ba itong gawaing pulitikal?

K: ...pero hindi sa radikal na pamamaraan. Dahil kapag lumaro ka na sa diskurso ng karapatang-pantao kinikilala mo na meron kang *entitlements* sa estado at ang estado ay pinagkakalooban ka ng mga ito. Ang kasalukuyang porma ng CO ay naka-sentro sa paniniwalang ang estado, bagaman may pagkukulang, ay lehitimo. At ang kanyang mga mekanismo ay sapat upang mabigyan ang mamayan ng serbisyong panlipunan at proteksyon. May implikasyon din ito sa *strategy*. Dahil pumapaloob ito sa *formal processes* ng gobyerno, mabigat ang pagkiling sa pagkilos at gawain na may kinalaman sa batas. Ang *consciousness raising* ay nakatuon upang maunawaan ng mga tao ang batas at mga proseso nito. Ito, sa tingin ko, ang namamayaning *strategy* ngayon. Gayunpaman, ang *strategy* na ito ay problematiko din. Sa perspektibong ito, itinuturing na kasagutan ang batas sa mga problema. Pero habang wala pang desisyon, patuloy ang paghihirap na dinaranas ng mga tao. Walang pakiramdam ang batas.

J: Maaaring huwad ang pangako ng batas. Mukhang may pagpapanggap na lubos na malulutas ang isang problema sa pamamagitan ng *good governance* at pagpasok sa *legal system*. Sa kalakarang ito, hinihimok ng organisador ang mga tao upang magpatuloy dito. Ngunit matagal, mahirap at magastos ang proseso. Maaaring ito ang dahilan kung bakit nawawalan ng gana ang mga tao dito.

K: Ang kawalan ng gana ng mga tao sa ganitong proseso ang isang maaring paliwanag kung bakit kumakapit sila sa mga *political patrons* o *kinship ties*.

M: Natalakay natin na problematiko at puno ng *dilemma* ang *consciousness raising* sa konteksto ng *human rights* at pakikilahok sa pormal at ligal na *governance structures*. Lumalabas na ang ganitong tunguhin ay mahirap at *inaccessible* para sa mga mahihirap at inaapi. Kung titignang mabuti, ang *legal mechanisms* na gumagana ay iyong may kinalaman sa ekonomiya at pagbubuwis. Sinasalamin nito ang pagkiling ng estado habang ipinapahiwatig sa mga tao na may pagkakataong makamit ang *equality* at *social justice* sa pamamagitan ng mga mekanismong ito. Sa tingin ko, kailangan pa nating linawin kung ano ang ibig sabihin kapag pinag-uusapan ang *consciousness raising*. Halimbawa, sa konteksto ng *disaster*, ang *consciousness raising* ay nakatuon sa *resilience at adaptation*. Hindi ito nakatuon sa usapin kung bakit mahirap ang mga tao. Maaring maging *resilient* sila dahil alam nila ang pag-respond sa panahon ng *disaster* pero nananatili silang mahirap.

Kalakip ng usapin ng pagpapataas ng kamalayan ang pag-unawa sa pulitika at kapangyarihan. Sa puntong ito, tinalakay namin kung paano ba ito tinitingnan sa konteksto ng CO-CD.

J: Sinabi natin kanina na ang usapin ng kapangyarihan at pulitka, pamayanan at kahirapan ay mga sentrong usapin sa CD. Sa lente ng CO, paano tinitingnan o pinag-uugnay ang mga usapin na ito?

M: Sa perspektiba ng CO, tinitingnan ang mga isyu na ito na may iba't ibang layers. Halimbawa, hindi lamang tinitingnan ang isyu ng mga bakla bilang identidad at sekswalidad kung hindi isinasaalang-alang din ang problema ng kahirapan, pabahay, lupain at trabaho. Gayunpaman, kung papansinin ang kasalukuyang kalakaran, mukhang nawawala ang *integrative* na pagtingin sa problema. Halintulad sa mga organisasyon ng kababaihan, na madalas nakatutok sa *violence against women* (VAW) at nahihirapang tumawid ang istrategiya sa kahirapan at mga kaugnay na isyu dito. Madalas ding naka-sentro ang pagtingin ng problema sa *identity politics* at *contestation of meanings*. Karaniwan na ikinakabit ito sa karapatang pantao ngunit ang pagtingin na ito ay problematiko din. Ipinapahiwatig sa diskurso ng karapatang pantao na lahat ay pantay-pantay- equal opportunities ika nga. Gayunpaman, madalas na nakakaligtaang suriin ang katotohanan ng batayang *assumption* na ito; isang pagtingin na naka-ugat sa liberal na ideolohiya.

J: May mga nagsasabi na ang karapatang pantao ay isang instrumento na nakasandig sa *liberal ideology*. Sa pananaw na ito, umaatras ang estado bilang pangunahing *duty-bearer* sa lipunan at ipinapatampok ang merkado at tagisan ng indibidwal na galing at talento bilang daan sa kaunlaran. Ang resulta ay huwad na porma ng pagkakapantay-pantay at bagkus pinanatili ang *status quo*. Gayunpaman, ang pagsusuring ito ay replekysyon lamang ng isang guhit sa malawak na debate tungkol sa karapatang-pantao. Marami ang naniniwalang mahalaga ang karapatan sa pagpapayaman at pagpapalawak ng oportunidad para sa kaunlaran ng mga tao. Kung ibabalik natin sa usapin ng CO at mga kalakip na perspektibo, ano ang implikasyon nito?

M: Marahil ang mga debate na ito ang repleksyon ng iba't ibang porma at tunguhin ng pag-oorganisa sa pamayanan. Ngunit, kung titingnan natin ang karanasan ng pag-oorganisa ng mga *transgender*, lumalabas na ito ay naka-angkla hindi sa identidad, kundi sa batayang usapin ng kahirapan. Ipinahihiwatig ba nito na ang batayan sa pag-oorganisa at paghimok sa

mga tao para makilahok ay usapin hinggil sa kanilang *material conditions* o sa *economics*?

K: Mukhang hindi ito ang pagkakataon upang tayo ay magpanukala ng isang alternatibong perspektiba. Gayunpaman, lumalabas sa ating usapan na may iba't ibang pagtingin sa mga problema na nagbubunsod ng gawaing pag-oorganisa. Iba't iba rin ang interes at motibasyon ng mga tao upang makalahok sa gawaing ito. May implikasyon ito sa pokus ng pag-oorganisa, sa kabuluhan ng gawain at sa kalidad ng pakikilahok. Marahil, ang mahalaga sa puntong ito ay ang nabanggit kanina patungkol sa *integrative perspective*. Nakikita natin sa karanasan na ang usapin ng pulitika ay sumasaklaw, hindi lamang sa lebel ng istruktura, kundi sa personal din. Iba't iba ang dama ng mga tao sa usapin na ito at ipinapaliwanag nito ang iba't ibang antas ng pakikilahok.

M: Gayunpaman, naka-sentro sa iba't ibang antas ng pulitika ang usapin ng hindi pagkapantay-pantay ng kapangyarihan. Samakatuwid, ang iba't ibang porma ng hindi pagkapantay-pantay sa kapangyarihan ang paksa ng *consciousness raising*. At, batay sa ating talakayan kanina, dito umiinog ang CO. Dito rin naka-sentro ang pagtuturo ng CO at *fieldwork*. Maari ba nating sabihin na sa usapin ng kapangyarihan at ang *lived experience* nito naka-sentro ang teorya ng CO?

Sa puntong ito, bumaling ang usapan namin sa teorya ng CO kaugnay ng karanasan at demokrasya...

J: Mayroon ba tayong masasabing teorya ng CO?

M: Para sa akin ang teorya ng CO ay naka-angkla sa buhay na karanasan kung saan ito ay sumasailalim sa pagninilay na may kaakibat na aksyon. Ang pag-oorganisa at pagsusuma ng sari-saring karanasan at ang paglapat nito sa isang *framework* ang maaring maging patnubay sa pagbuo ng teorya ng CO.

K: Sumasang-ayon ako dito. Gayunpaman, isa itong hamon sa *practitioners* at akademiko dahil nanatiling *fragmented* ang mga karanasang ito na nagmumula sa iba't ibang konteksto. Sa ilang pagkakataon, hindi ba tila ang karanasan mismo ang siyang nagiging ideolohiya sa CO? Ang karanasan ang pamantayan, panuntunan at motibasyon ng isang organisador.

J: Sinasabi mo ba na ang CO ay nakabatay sa isang *theory of experience*? Problematiko ang 'karanasan' bilang teorya ng CO. Marahil mas akma kung

sasabihin natin na ang teorya ng CO ay naka-angkla sa karanasan. Kung ang karanasan ang siya ring teorya ng CO, magiging matinding hamon ang paglalagom ng magkakaibang pag-iisip at pagtugon sa nabanggit mong *fragmentation*, at pagbuo ng teorya ng CO na babalangkas o gagabay sa pagsusuri.

M: Bukod sa karanasan na batayan ng teorya ng CO, sa tingin ko, dapat naka-angkla din ito sa teorya ng demokrasya at pulitika. Kagaya ng nabanggit kanina, dapat ay kalakip nito ang pulitika sa lebel ng istruktura at ng personal. Nararapat na isaalang-alang ang usapin ng boses, paglahok at kolektibong pagsasagawa ng desisyon habang hindi kinakalimutan ang dimensyon ng sistema at istruktura. Ito rin ay ginagabayan ng mga prinsipyo tulad ng hindi pangingibabaw sa iba, pakikinig at pagkonsulta. Kung ako ay isang nanay, hindi ko aalisan ng boses ang aking anak; bagkus, pakikinggan ko siya. Kung ako ay guro, hindi ko ituturing na walang alam ang mga estudyante; bagkus, ay hihimukin ko sila na matuto mula sa bawa't isa, habang ako rin ay natututo sa kanila.

Natukoy namin na ang usaping pagsasa-teorya ng CO-CD ay kakabit ng usapin ng lenggwahe, na ang salita at mga porma nito ay may implikasyon sa kapangyarihan, *identity* at *ownership*.

M: Filipino ba ang wika ng CO? Sa konteksto ng akademya, ginagamit ang Ingles sa pagsusulat at paglilimbag. Sa ating disiplina, ang 'pag-oorganisa sa pamayanan' at iba pang termino ay kinailangang isalin upang mabilis na maintindihan. Kung Filipino ang wika ng CO, ibig bang sabihin nito ay lokal ang karunungan at teorya ng CO? May kabuluhan bang talakayin ang kaugnayan ng CO sa lenggwahe?

J: Mahalaga ito lalo na sa panahong ito kung saan ang wika at nakalimbag na salita ang isang laganap na representasyon ng pagmamay-aari, pagkatuto at kapangyarihan. Nilalagom ang mga ideya sa pamamagitan ng salita.

M: Tama! Ngunit dahil hindi takda ang lenggwahe ng CO, maari itong magbunsod ng kalituhan. Halimbawa, ang karanasan at karunungan ng pamayanan ay hindi madaling isalin sa Ingles. Nanatiling dominanteng pamamaraan ang Ingles sa pamamahayag lalo na sa konteksto ng isang *globalized world*. Gayunpaman, hindi rin ganoon kasimple na itakda na gamitin lamang ang lenggwahe ng pamayanan. Kaugnay din sa lenggwahe ang usapin ng *identity*. Halimbawa, ang terminong LGBT ay maaring iba sa bansag ng mga tao sa isa't isa. Sa isang pamayanan, hindi *transwoman*

ang gamit na termino, kundi pa-*girl* na halong Ingles din. Isa pang halimbawa ang salitang *feminist* o peminista. Hindi naman ito ipinakikilala o tinatalakay sa pamayanan, hindi ba?

J: Kung minsan ay natatalakay din ang salitang peminista at kabuluhan nito dahil bahagi ito ng gawain lalo na ng *feminist* NGOs. Minsan, natatanong ito sa pamayanan. Karaniwan ang ideya ng kababaihan sa pamayanan na nai-uugnay nila sa salitang peminista ay halaw rin sa kanilang mga naririnig o natatalakay.

M: Kung ganoon, maari nating masabi na ang pagkaka-intindi ng mga tao sa mga termino ay indikasyon ng lalim ng kanilang pagka-unawa dito. Gayunpaman, nanatili pa ring dayuhan ang mga salitang ito. Sa proseso ng pagpapaliwanag at pag-uugnay ng mga bagong salita, hindi ba natin tinatanggal ang kanilang sariling pakahulugan sa mga salitang iyon? Para bang binabawi o tinatanggalan natin ng kapangyarihan ang salita nila. Sa prosesong ito lumalabas ang pagiging ‘mataas’ ng isang organisador sa pamamagitan ng lenggwahe.

K: Lumalabas na may pulitika din sa karunungan at lenggwahe.

M: Sa tingin ko, kailangang maipatampok pa ang kabuluhan ng salita sa gawaing CO dahil maari nitong ipahiwatig kung ano ang katangi-tangi sa disiplina ng CO. Kailangan pang idiskurso ng mas malalim ang kaugnayan ng wika sa CO. Sa kasalukuyan mukhang may pagkilala sa Filipino bilang lenggwahe ng pagtuturo ng CO at CD.

Epilogo

Sa puntong ito, natunghayan natin ang mainit at mayamang pagtalakay sa CO-CD mula sa perspektibo at karanasan ng tatlong *practitioners*. Hindi naging madali ang pagbaybay sa daloy ng pag-uusap dahil sa malawak at paliku-likong saklaw ng usapan. Ang kasalukuyang panahon ay panahon ng panibagong paglawak at paglalim ng interes sa CO at CD na marahil ay dahil din sa mabilis na pagbabago sa lipunan at kapaligiran at ang kaakibat na paglago ng *development work* sa Pilipinas. Dumarami ang kumukuha ng kursong CD sa mga pamantasan. Bumubulwak ng karanasan at karunungan hinggil sa CO at CD na nakikita sa kwentuhan, aralin sa paaralan, mga kumperensya at samu’t-saring akda at babasahin. Ang CO at CD ay nasa yugto ng pagyabong at pag-unlad bilang isang propesyon at *academic discipline*.

Dahil sa pagbulwak ng interes, praktika at kaalaman tungkol sa CD, nakita ng mga may-akda na mahalagang pag-usapan at siyatin ito nang mas malalim. Gayunpaman, mukhang may kakulangan pa dito. Sa tingin ng mga may-akda kailangan ng *consolidation* ng mga ideya, teorya at estratehiya sa gawain ng pag-oorganisa. Totoo na ang pag-uusap na inalohad dito ay mag-iiwan ng mas maraming katanungan kaysa mga sagot. Maaring may mga nakabibigla at kontrobersyal na obserbasyon dito; at marahil marami ang hindi sasang-ayon. Gayunpaman, ang intensyon ng papel na ito ay magsimula ng diskusyon at debate. Halaw ito sa paniniwala na sa tunggalian nabubuo ang paglagom ng teorya at metodo. Nakikita ng mga may akda na makaka-ambag ang papel na ito sa pagpapatingkad ng pag-uusap at paglilinaw ng gawain ng CO at CD. Sa huli, hinihimok ng mga may-akda na ipagpatuloy ang mga malikhaing paraan ng pagpapalabas at pagpapadaloy ng kaisipan tungkol sa CO-CD. Partikular na dito ay ang mga dalubhasa, kapwa *practitioner*, akademiko ng CO at CD na harapin ang hamon na ipagpatuloy ang pagtatanong at pagsusuri. Kagaya ng samasamang pagtatalakay sa pagitan nila Mo, Jem at Karl, inaasam ng papel na ito na ang mga mambabasa ay makisangkot, magsuri at makipag-debate upang mas mapaunlad ang disiplina at praktika ng CO at CD.